ENTRY

# Tell-All

## Anonymous

*"Katapusan na ng buhay ko – lahat ng pinangarap ko ay hindi ko na matutupad"* ito ang paulit-ulit na sinasabi ko sa aking sarili nung makita kong *positive* ang *result ng pregnancy test*. Habang nagde-delubyo ang kalooban ko ng mga oras na 'yun, iba naman ang reaksyon ng *boyfriend* ko. Nakangiti siya na para bang nanalo sa lotto. Lalo akong nagwawala *deep inside*, sunod kong naisip ay trinaydor ako ng lalaking ito nung magsinungaling siyang wini-draw niya bago pa siya labasan.

Kahit sarili kong nanay masaya, magkaka-apo na daw siya. *Excited* silang nagku-kwentuhan sa kung kailan kami magpapakasal, saan, mga ninong at ninang. Pinilit ko na maging masaya tulad nila pero hindi ko kaya. Ang boses na sa isip ko na nagsasabing *"katapusan na ng buhay"* ko ay palakas ng palakas. Kaya sa mga oras na iyon may nabubuo nang plano sa isip ko, ipapa-*abort* ko ang laman ng tyan ko habang dugo pa ito, at WALA SINOMAN ANG MAKAKAPIGIL SA AKIN!

Naaalala ko pa ang mukha ng nanay ko ng sabihin ko ang gusto kong mangyari, hindi niya ko maintindihan. Mahal naman daw ako ng *boyfriend* at handa akong panagutan, bakit daw naiisip ko pa ang "kasalanan" na iyon. Hindi ko masasabi ng buo kung bakit, basta ang alam ko lang sa edad kong 21 noon ay **hindi pa ako handa maging ina at lalong hindi ako handa maging asawa nino man.**

Sa kabila ng pagbabanta ng *boyfriend* ko na hihiwalayan niya ko kapag itinuloy ko, naghanap padin ako ng mga hilot na pwedeng makatulong sa akin. Isang kakilala mula sa *college friend* ko ang nagturo at nagsama sa akin sa isang hilot sa QC. Araw-araw sa loob ng *2 weeks* umaga ay pumupunta ako sa bahay nila para hilutin ang tiyan ko pababa. Dinudurog daw ang dugo para lumabas. Tiniis ko ang sakit, dahil sa isip ko ito ang kelangan ko gawin para lumaya mula sa mga idinidikta ng ibang tao sa kung ano ang dapat kong gawin sa buhay ko. Ikatlong linggo na walang pagdurugo, sinabihan na ako ng hilot na maghanap na ako ng iba kasi makapit daw ang nasa tyan ko.

Pumunta ako sa Quiapo, bumili ng gamot, ininom ko sa loob ng isang linggo pero wala padin. Nahahalata na sa trabaho ko ang tyan ko, kabang-kaba na ako na baka tanggalin ako dahil dito.

**Alam kong masama, pero nananalangin ako ng mga oras na yun kunin na niya ang ibinigay niyang di ko naman hiniling.**

Maglilimang buwan na ang tyan ko pero hindi pa rin nagbabago ang isip ko. Lakas loob akong nagtatanong-tanong sa Quiapo para sa mga "propesyonal hilot". May nag-offer sa akin, sa halagang *15 thousand* aalisin daw ang laman ng tyan ko. Kasama ng isang mapagkakatiwalaang kaibigan, nakipagkita kami sa isang tao na magdadala daw sa amin sa isang bahay. Sa Caloocan kami nagkita, pero mula roon ay iba't ibang *jeep at tricycle* ang sinakyan namin, sabi ng *contact* para daw makasiguro na hindi kami masundan ng pulis.

Narating namin ang isang bahay na tatlong palapag sa Maynila. Nagulat ako na sa loob ay marami akong kasabayang magpapa-abort. Maraming kwarto sa bahay na iyon at bawat kwarto mayroong "pasyente". Iba-iba ang kwento habang naghihintay kami sa pila. Mayroong estudyante, mayroong maga-*abroad*, mayroong uuwi ang asawa galing sa ibang bansa.

Dumating na ang oras ko. Sobra akong *excited*. Sa wakas, sa wakas. Yun lang paulit-ulit sa isip ko. Kaya naman nung lagyan ako ng *catheter* hindi ko ininda ang sakit, lalo na nung turukan ako ng pampahilab. Iyon na ang pinakamasakit pero pinakatamang desisyon ko sa buhay. Hindi ko na maalala kung ilang oras ang inabot bago siya inilabas sa mundo. **Pero nung makita ko siyang walang buhay alam ko na iyon ang pinakamabuti para sa kanya. At pinakamabuti para sa akin.**

Ngayon na may asawa na ako at mga anak, lagi kong binabalikan sa isip ko ang yugto na iyon sa aking buhay. **Hinahanap ko sa dibdib ko ang pakiramdam na pagsisisi, pero wala akong maramdaman.** Hanggang ngayon, naniniwala ako na iyon ang pinakatamang desisyon ko sa buhay. Kahit sabihin ng ibang tao na sugo ng demonyo ang mga taong tumulong sa akin na magpa-abort, hindi iyon ang turing ko sa kanila. Sila ang tumulong sa akin na ilagay sa sarili kong mga kamay ang kahihinatnan ng aking buhay.

Kaya naniniwala ako na dapat ay kilalanin bilang sagkang karapatan ng kababaihan ang pagdedesisyon sa kung kalian at ilan ang pagkakaroon ng anak. **Tayong mga babae ang dapat na hari sa ating katawan.** Swerte ako in a way dahil hindi ako nagkaroon ng komplikasyon ng gawin ko iyon, pero **paano ang ibang babae na gaya kong sumugal sa "propesyunal hilot" at binawian ng buhay? Paano ang mga kababaihan na sinadyang buntisin para maitali sa kasal?**